# Modyul 3
# Pagsusuri sa Akda Batay sa mga Teoryang Humanismo at Markismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta? Marami ka nang natutuhang aralin sa modyul na sadyang inihanda para sa iyo. Alam kong pinagsisikapan mong mabuti upang masagot ang mga maikling
kuwentong babasahin mo ngayon.

Mayroon ka bang di malilimutang karanasan tungkol sa iyong mga naging guro? Marahil, mayroon nga. Tunay na sila ang pangalawang ina sa paaralan. Hindi lamang sila nagbibigay ng kaalaman at lumilinang ng ating kaisipan kundi humuhubog pa ng buong katauhan ngunit tao rin sila. Dumarating din ang pagkakataong nagkakaroon sila ng suliranin. Ngunit dahil kailangan ninyong matuto, patuloy pa rin sila sa pagtuturo. Ito ang paksa ng kuwentong inyong babasahin, ang “Kuwento ni Mabuti” na sinulat ni Genoveva E. Matute. Maiibigan mo ito sapagkat malapit ang paksa sa iyong puso.

Isa pang kuwentong kasama sa modyul na ito ay “ Walang Panginoon” na kinatha ni Deogracias A. Rosario. Naniniwala ka bang lubhang napakahalaga sa isang magsasaka ang lupang kanyang sinasaka? Sang-ayon din ako sa iyo. Ito ang kanyang buhay. Ngunit may mga pangyayari pa ring nagaganap na ang nagmamay-ari ng lupa at ang nagsasaka ay di nagkakaunawaan. Tiyak na maiibigan mo ang bahaging ito ng kuwento. Ano kaya ang kaugnayan ng kalabaw? Iyan ang iyong tutuklasin.


Ang iyong kaalaman sa pagsusuring panlinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan ay lalo pang mahahasa sa araling ito. Maiuugnay mo rin ang mga dati mo nang kaalamang natutuhan. Kasama na rin dito ang mga karanasang pansarili at pang-iba na maaari mong paghanguan ng iyong mga kasagutan.

Tutulungan kang muli ng aking mga inihandang gawain. Alam kong makakaya mong sagutin ang mga ito. Kaibigan, kaya mo ito. Handa ka na ba? Simulan mo na.



## *Ano ang matututunan mo?*

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa sa iba't ibang genre ng panitikan



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito. Higit na magiging maayos at kapaki-pakinabang ang iyong pag-aaral, kung susundin mo ang mga panuto o tuntunin sa paggamit nito. Ito'y sadyang inihanda para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo nang maayos ang Panimulang Pagsusulit sa bahaging " Ano ba ang Alam Mo?" Susukatin nito ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.

2. Iwasto mo ang mga sagot. Hingin mo ito sa iyong guro. Kung marami kang mali, huwag kang mag-alala.

3. Basahin at pag-aralan mong mabuti ang mga akda. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain Mababasa mo kung paano ito gagawin.

4. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit sa bawat aralin at ganoon din ang pagsubok sa kabuuan sa "Gaano ka na kahusay". Kunin mo ng muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Maging matapat ka sa pagwawasto.

5. Tulad ng nasabi ko, kaibigan mo ang modyul na ito. Huwag mong sulatan at ingatang huwag masira.



## *Ano ba ang alam mo?*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Lagi ko siyang inuugnay sa kariktan ng buhay. Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang

   a. kahiwagaan
   b. kagandahan
   c. kaguluhan
   d. karupukan

2. "Mabuti't may tao pala rito," wika niyang ikinukubli ang pag-aagam-agam sa narinig. Ang pahayag ay nagpapahiwatig ng

   a. pag-aalinlangan
   b. pag-aalala
   c. pagkabigla
   d. pagkabahala

3. Walang iniwan sa putok ng bulkan ang balitang kumalat sa bayan na si Don Teong ay namatay sa pagkasuwag ng kalabaw. Ito'y nangangahulugang

   a. Pumutok ang bulkan nang mamatay si Don Teong.
   b. Lubhang kasindak-sindak ang pagkamatay ni Don Teong.
   c. Mabilis na kumalat ang balita tungkol sa pagkamatay ni Don Teong.
   d. Sumabog ang galit ng kalabaw nang makita si Don Teong.

4. Ang kawili-wiling bahagi ng kuwento ay

   a. suliranin
   b. tunggalian
   c. kakalasan
   d. kasukdulan

5. "Tapos na ba? Tapos…" ang sunud-sunod niyang tanong na animo'y dinadaya ang sarili kung wala na siyang nauulinigang anumang taginting ng kampana. Anong damdamin ang nangingibabaw kay Marcos?

   a. Naiinip siya sa tagal ng tunog ng kampana.
   b. Iniiwasan niyang maalaala ang kalupitan ni Don Teong.
   c. Ayaw niyang marinig ang tunog ng kampanang magpapagunita ng mapapait na karanasan.
   d. Nakagagambala ito sa katahimikan ng gabi.

6. Kinagat ni Marcos ang labi hanggang sa dumugo. Anong damdamin ang namayani sa tauhan?

   a. Unti-unting nadama ni Marcos ang galit.
   b. Kinukuyom ni Marcos ang kanyang damdamin.
   c. Labis na nasaktan si Marcos.
   d. Kinaawaan ni Marcos ang sarili.

7. Bawat aralin namin sa Panitikan ay naging pagtighaw sa kauhawan namin sa kagandahan at ako'y humanga. Ito ay nagpapakita ng

   a. pagbibigay-puri sa tauhan
   b. pagiging realistiko ng karakter
   c. pagiging kombensyunal ng tauhan
   d. pagiging emosyonal ng tauhan

8. Ang dalaga ay sinaktang mabuti ni Don Teong at tanging mata lamang ang walang latay. Ito'y nagpapahiwatig na

   a. Lubhang malupit si Don Teong pati anak ay di pinalagpas sa parusa.
   b. Di sinaktan ni Don Teong ang mga mata ng anak.
   c. May mabuti pa ring natitira sa puso ni Don Teong.
   d. Di natamaan ang mga mata ng anak ni Don Teong.

9. Magiging madali ang pagharap sa mga pagsubok sa buhay kung

   a. magiging magaan ang pagtanggap ditto.
   b. magiging palatanong sa mga kinauukulan.
   c. magiging laging palangiti.
   d. magiging maingat sa pagdedesisyon.

10. Ipaghalimbawang naging biktima ka ng karanasang gawa ng anak ng mayaman. Ano ang iyong gagawin?

   a. Hihingi ng tulong sa Department of Justice na nagbibigay ng libreng serbisyo ng mga manananggol.
   b. Hihingi ng tulong sa mga NPA.
   c. Hihingi ng tulong sa Media.
   d. Kakausapin ang mga kamag-anak upang makapaghiganti.

# I. Aralin 1 : Kuwento ni Mabuti

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matutunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga pahayag na may ibig ipahiwatig

2. Natutukoy ang ilang mahahalagang sangkap ng maikling kuwento

3. Napipili at nabibigkas nang may damdamin ang mga pahayag patungkol sa pagpaparangal sa isang tao

4. Naiisa-isa ang mga positibong paraan ng pagharap sa mga suliranin sa buhay

5. Nakabubuo ng isang maikling paglalarawan tungkol sa taong hinahangaan


## Mga Gawain sa Pagkatuto

### 1. Alamin Mo…


Panuto: Piliin mo sa ibaba ang mga salitang tumutukoy sa larawang nasa kahon. Isulat mo ito sa mga patlang sa ibaba ng larawan.



____________________
____________________
____________________



____________________
____________________
____________________



____________________
____________________
____________________

| | | |
|---|---|---|
| liwanag | sakripisyo | pagmamahal |
| pagkalinga | gabay | pagpapakasakit |
| pag-ibig | patnubay | paghihirap |
| araw | matanda | karamdaman |

Nasagutan mo bang lahat ang gawain? Kayang-kaya mo hindi ba? Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo.

## 2. Basahin Mo…

Mahilig ka bang magbasa ng mga kuwento? Isa itong magandang libangan, di ba? Bukod sa nakatutulong ito upang lumawak ang iyong kaalaman, marami ka pang matututuhan tungkol sa buhay. Napatawa ka na ba o kaya'y napaiyak ng isang kuwentong binasa?

Ngayo'y babasa ka ng isang maikling kuwentong sa palagay ko ay maiibigan mo. Unawain mo itong mabuti. Maligayang pagbabasa!

KUWENTO NI MABUTI
Genoveva Edroza-Matute

(Gumaganda ang buhay ayon sa inyong pananaw)

Hindi ko na siya nakikita ngayon. Ngunit sinasabi nilang naroon pa siya sa dating pinagtuturuan, sa luma at walang pintang paaralang una kong kinakitaan sa kanya. Sa isa sa mga lumang silid sa ikalawang palapag, sa itaas ng lumang hagdang umiingit sa bawat hakbang, doon sa kung manunungawa'y matatanaw ang maitim na tubig ng isang estero, naroroon pa siya't nagtuturo ng mga kaalamang pang-aklat – at bumubuhay ng isang uri ng karunungang sa kanya ko lamang natutuhan.

Lagi ko siyang inuugnay sa kariktan ng buhay. Saan mang may kagandahan; sa isang tanawin, sa isang isipan o sa isang tunog kaya, nakikita ko siya at ako'y lumiligaya. Ngunit walang ano mang maganda sa kanyang anyo at sa kanyang buhay.

Siya ay isa sa pinakakaraniwang guro roon. Walang sino mang nag-ukol sa kanya ng pansin. Mula sa kanyang pananamit hanggang sa paraan ng pagdadala niya ng mga pananagutan sa paaralan, walang masasabing ano mang di-pangkaraniwan sa kanya.

Siya'y tinatawag naming lahat na si *Mabuti* kung siya'y nakatalikod.
Ang salitang iyon ang bukambibig niya. Iyon ang pumapalit sa mga salitang hindi niya maalala kung minsan, at nagiging pamuno sa mga sandali ng pag-aalanganin. Ang isang paraang hindi malirip, iyon ay nagiging salaminan ng uri ng paniniwala niya sa buhay.

“Mabuti,” ang sabi niya, “…ngayo’y magsisimula tayo sa araling ito. Mabuti nama’t umabot tayo sa bahaging ito… Mabuti… mabuti!”

Hindi ako kailanman magtatapat sa kanya ng ano man kundi lamang nahuli niya ako minsang lumuha:nang hapong iyo’y iniluluha ng bata kong puso ang isang pambata ring suliranin.

Noo’y magtatakipsilim na at maliban sa pabugsu-bugsong hiyawan ng mga nagsisipanood sa pagsasanay ng mga manlalaro ng paaralan, ang buong paligid ay tahimik na. Sa isang tagong sulok ng silid-aklatan, pinilit kong sulatin ang aking suliranin sa pagluha. Doon niya ako natagpuan. “Mabuti’t may tao rito,” ang wika niyang ikinukubli ang pag-aagam-agam sa tinig. “Tila may suliranin ka… mabuti sana kung makakatulong ako”.

Ibig kong tumakas sa kanya at huwag nang bumalik pa kailanman. Sa bata kong kahihiyan at kaabaan ang pagkikita pa naming muli sa hinaharap, pagkikitang magbabalik sa gunita ng hapong iyon. Ngunit hindi ako nakakilos sa sinabi niya pagkatapos. Napatda ako at napaupong bigla sa katapat na luklukan.

“Hindi ko alam na may tao rin dito… naparito ako upang umiyak din.”

Hindi ako nakapangusap sa katapatang naulinigan ko sa kanyang tinig. Nakababa ang kanyang paningin sa aking kandungan. Mayamaya pa’y nakita ko na ang bahagyang ngiti sa kanyang labi.

Tinanganan niya ang aking kamay at narinig ko na lamang ang tinig ko sa pagtatapat ng suliraning sa palagay ko noo’y siya nang pinakamabigat. Nakinig siya sa akin, at ngayon, sa paglingon sa pangyayaring ito’y nagtataka ako kung paanong napigil niya ang paghalakhak sa ganong kamusmos na bagay. Ngunit siya’y nakinig nang buong pagkaunawa, at alam kong ang pagmamalasakit niya’y tunay na matapat.

Lumabas kaming magkasabay sa paaralan. Ang panulukang naghihiwalay sa amin ay natatanaw na nang bigla akong makaalala.

“Siyanga pala, Ma’am, kayo? Kayo nga pala? Ano ho iyong ipinunta ninyo sa sulok na iyon na….. iniiyakan ko?”

Tumawa siya ng marahan at inulit ang mga salitang iyon: “ang sulok na iyon na………iniyakan natin…nating dalawa.” Nawala ang marahang halakhak sa kanyang tinig “Sana’y masasabi ko sa iyo, ngunit… ang suliranin ko’y hindi pa ra sa mga bata pang gaya mo. Mabuti sana’y hindi maging iyo ang ganoong uri ng suliranin… kailanman. Ang ibig kong sabihi’y maging higit na mabuti sana sa iyo ang…. buhay.”

Si *Mabuti’y* naging isang bagong nilikha sa akin mula ng araw na iyon. Sa pagsasalita niya mula sa hapag, nagtatanong, sumasagot, sa pangiti niya ng mabagal at mahihiyain niyang mga ngiti sa amin, sa paglalim ng kunot sa noo niya sa kanyang pagkayamot, narinig kong muli ang mga yabag na papalapit sa sulok na iyon ng silid-aklatan. Ang sulok na iyon na…… “iniiyakan natin,” ang sabi niya ng hapong iyon. At habang tumataginting sa silid namin ang kanyang tinig sa pagtuturo’y

hinuhulaan ko ang dahilan ng pagtungo niya sa sulok na iyon ng silid-aklatan. Hinuhulaan ko kung nagtutungo pa siya roon, sa sulok na iyon… naming dalawa.

At sapagkat natuklasan ko ang katotohanang iyo tungkol sa kanya, nagsimula akong magmasid, maghintay ng mga bakas ng kapaitan sa kanyang sinasabi. Ngunit sa tuwina, kasayahan, pananalig, pag-asa, ang taglay niya sa aming silid-aralan. Pinuno niya ng maririkit na guniguni ang aming isipan at ng mga kaaya-ayang tunog ang aming pandinig at natutuhan naming unti-unti ang kagandahan ng buhay. Bawat aralin namin sa panitikan ay naging isang pagtighaw sa kauhawan naming sa kagandahan. At ako'y humanga.

Wala iyon doon kangina, ang masasabi ko sa sarili pagkatapos na maipadama niya sa amin ang kagandahan ng buhay sa aming aralin. At hindi naging akin ang pagtuklas na ito sa kariktan kundi pagkatapos na lamang ng pangyayaring iyon sa silid-aklatan.

Ang pananalig niya sa kalooban ng Maykapal, sa sangkatauhan, sa lahat na, ay isa sa pinakamatibay sa aking nakilala. Nakasasaling ng damdamin. Marahil ang pananalig niyang iyon ang nagpakita sa kanya ng kagandahan sa mga bagay na karaniwan lamang sa amin. Iyon marahil ang nagpataginting sa kanyang tinig sa pagbibigay-kahulugan sa mga bagay na para sa ami'y walang kabuluhan.

Hindi siya bumanggit ng ano man tungkol sa kanyang sarili sa buong panahon ng pag-aaral namin sa kanya. Ngunit bumanggit siya tungkol sa kanyang anak na babae, sa tangi niyang anak… nang paulit-ulit. Hindi rin siya bumanggit sa amin kailan man tungkol sa ama ng batang iyon. Ngunit dalawa sa mga kamag-aral namin ang nakababatid na siya'y hindi balo.

Walang pag-aalinlangan ang lahat ng maririkit niyang pangarap ay nakapaligid sa batang iyon. Isinalaysay niya sa amin ang katabilan niyon, ang palaki nang palaking mga pangarap niyon, ang nabubuong layunin niyon sa buhay. Minsan, tila hindi namamalayang nakapagpahayag ang aming guro ng isang pangamba: ang pagkatakot niyang baka siya hindi umabot sa matatayog na pangarap ng kanyang anak. Maliban sa kanyang anak ay isa lamang sa mga bagay na "pinagtitiisang' pakinggan sapagkat walang paraang maiwasan iyon. Sa akin, ang bawat pagbanggit na iyo'y nagkaroon ng bagong kahulugan sapagkat noon pa ma'y nabubuo na sa aking isipan ang isang hinala.

Sa kanyang mga pagsasalaysay ay nalaman namin ang tungkol sa kaarawan ng kanyang anak, ang bagong kasuotan niyong may malaking lasong pula sa baywang, ang mga kaibigan niyong mga bata rin, ang kanilang mga handog. Ang anak niya'y anim na taong gulang na. Sa susunod na tao'y magsisimula na iyong mag-aral. At ibig ng guro naming maging manggagamot ang kanyang anak-at isang mabuting manggagamot.

Nasa bahaging iyon ang pagsasalita ang aming guro nang ang isa sa mga batang lalaki sa aking likuran ay bumubulong: "Gaya ng kanyang ama!"

Narinig ng aming guro ang sinabing iyon ng batang lalaki: At siya'y nagsalita.

"Oo gaya nga ng kanyang ama," ang wika niya. Ngunit tumakas ang dugo sa kanyang mukha habang sumisilay ang isang pilit na ngiti sa kanyang labi.

Iyon ang una at huling pagbanggit sa aming klase tungkol sa ama ng batang may kaarawan.

Natiyak ko noong may isang bagay ngang nalisya sa buhay niya. Nalisya nang ganoon na lamang. At habang nakaupo ako sa aking luklukan, may dalawang dipa lamang ang layo sa kanya upang tanganan ang kanyang mga kamay gaya ng ginawa niya nang hapong iyon sa sulok ng silid-aklatan, at hilinging magbukas ng dibdib, sa akin. Marahil makagagaan sa kaniyang damdamin kung may mapagtatapatan siyang tao lamang. Ngunit ang sumupil sa pagnanasa kong yaon: ang mga kamag-aral kong nakikinig nang walang ano mang malasakit sa kanyang sinabi, "Oo, gaya nga ng kanyang ama," habang tumatakas ang dugo sa kanyang mukha.

Pagkatapos may sinabi siyang hindi ko malilimutan kailan man. Tiningnan niya akong buong tapang na pinipigil ang panginginig ng mga labi at sinabi ang ganito: "Mabuti….mabuti!" Gaya ng sasabihin nitong si Fe – iyon lamang nakararanas ng lihim na kalungkutan ang maaring makakilala ng mga lihim na kaligayahan. Mabuti at ngayon, magsisimula tayo sa ating aralin……"

Natiyak ko noon, gaya ng pagkakatiyak ko ngayon, na hindi akin ang pangungusap na iyon, ni sa aking mga pagsasalita, ni sa aking pagsusulat. Ngunit samantalang nakatitig siya sa akin ng umagang iyon, habang sinasabi niya ang pangungusap na iyon, nadama kong siya at ako ay iisa. At kami ay bahagi ng mga nilalang na sapagkat nakakaranas ng lihim na kalungkutan ay nakakikilala ng mga lihim na kaligayahan….

At minsan pa, ng umagang iyon, habang unti-unting bumabalik ang dating kulay sa kanyang mukha, muli niyang ipinamalas sa amin ang mga natatagong kagandahan sa aralin namin sa Panitikan: ang kariktan ng katapangan, ang kariktan ng pagpapatuloy ano man ang kulay ng buhay.

At ngayon, ilang araw lamang ang nakaraan buhat ng mabalitaan ko ang tungkol sa pagpanaw ng manggagamot na iyon. Ang ama ng batang iyong marahil ay magiging isang manggagamot din balang araw, ay namatay may ilang araw lamang ngayon ang nakakalipas. Namatay at naburol ng dalawang araw at dalawang gabi sa isang bahay na hindi siyang tinitirhan ni *Mabuti* at ng kanyang anak. At naunawaan ko ang lahat. Sa hubad na katotohanang niyon at sa buong kalupitan niyo'y naunawaan ko ang lahat….

Nasiyahan ka ba sa kuwentong binasa mo? Naramdaman mo rin ba ang mga emosyong naghari sa mga tauhan ng akda?

Kung binasa at inunawa mong mabuti ang kuwento, masasagutan mo ang inihanda ko para sa iyo. Huwag kang mag-alala, madali lamang ang mga ito. Makakatulong kung susuriin mong mabuti ang mga panuto.

Ang unang gawain ay tungkol sa mga pahiwatig na pahayag na kung minsan ay di natin maunawaan.

Narinig mo na ba ang tungkol sa pahiwatig? Isa ito sa mga nakakatulong upang maging masining ang akda. Mauunawaan mo ang ibig ipakahulugan nito sa isang akda sa tulong ng mga "clues". Ito ay mga palatandaang makikita mo sa akda na makatutulong sa iyo upang matukoy ang kahulugan ng nais bigyang-kahulugan.

Naliwanagan ka na ba? Makatutulong ang iyong nabasa sa pagsagot mo sa unang gawain.

Good Luck!

## 3. Linangin Mo…

### a. Pagsusuring Panlinggwistika

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang nais ipahiwatig ng mga salitang may salungguhit. Pagkatapos, ayusin ang mga titik upang matukoy ang kahulugan. Isulat sa patlang.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| i | l | a | n | g | w | a |

1. May isang bagay ngang <u>nalisya sa buhay</u> niya.

___________________________________

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| m | u | t | n | a | l | a |

2. <u>Tumakas ang dugo</u> sa kanyang mukha.

___________________________________

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| a | g | a | - | a | n | p | i | l | n | l | a | n | g | a |

3. Waring ikinukubli niya ang <u>pag-aagam-agam</u> na narinig.

___________________________________

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| w | a | p | i | m | a |

4. Bawat aralin sa Panitikan ay <u>pagtighaw sa kauhawan</u> namin sa kagandahan.

___________________________________

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| d | a | l | n | h | a | m | u | g |

5. Ito ay <u>sumupil sa pagnanasa</u> kong iyon.

___________________________________

Ano ba ang pagkakaunawa mo tungkol sa maikling kuwento? Iba ito sa nobela dahil ito ay isang uri ng pagsasalaysay na maikli ang kaanyuan.

May mga bahagi rin ang maikling kuwento. Kailan mo nagugustuhang basahin ang isang akda? Hindi ba't kung maganda ang panimula? Dapat na maging kapansin-pansin, kakaiba at katangi-tangi ito. Saglit na kasiglahan naman ang bahaging naglalarawan ng panimula patungo sa paglalahad ng unang suliraning inihahanap ng lunas. Matutukoy mo kaya ito sa iyong binasa? Tunggalian naman iyong paglalaban ng tauhan. Hindi lamang ito pisikal o tao sa tao. Maari ring tao sa sarili o kaya'y tao sa kalikasan. Ang pinakarurok naman ng kawilihan ay tinatawag na kasukdulan. Ito iyong bahaging malalaman mo kung magtatagumpay o mabibigo ang bida. Kaagad naman itong sinusundan ng kakalasan.

O, hayan marami ka nang natutuhan tungkol sa maikling kuwento. Tiyak na mawiwili kang magbasa nito dahil hahanapin mo na iyong mga bahaging ipinaliwanag ko. Handa ka na bang gawin ang susunod na gawain? Pagbutihin mo!

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Piliin mo sa Hanay B ang mga kasagutang tumutugon sa Hanay A. Titik lamang ang isulat.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Pangunahing Tauhan: _______ . | a. Nagkita ang guro at ang estudyante sa silid-aklatan na parehong umiiyak. |
| 2. Suliranin: __________ | b. Namatay at naiburol ang ama ng bata hindi sa bahay ni *Mabuti*. |
| 3. Tunggalian: __________ | c. Mabuti |
| 4. Kasukdulan: __________ | d. Ang lihim tungkol sa ama ng bata. |
| 5. Kakalasan: __________ | e. May nakaalam na estudyante tungkol sa ama ng bata. |
| | f. estudyante |

Kanina'y natutuhan mo ang ilang mga impormasyon tungkol sa maikling kuwento. Alam kong makatutulong ito sa iyo upang masagot mo ang gawain sa pagsusuring pangnilalaman.

Ngayon , madaragdagan pa ang iyong kaalaman. Higit mong mapapahalagahan at mauunawaang mabuti ang isang akda kung alam mo ang ilang mga prinsipyo, mga paniniwala, ideyang makatutulong sa pagpapaliwanag ng isang akda kundi magamit mo ang karunungang natutuhan sa pag-unawa sa buhay sa higit na malalim na pananaw.

Ang teoryang pampanitikang binigyang-diin sa kuwento ni Mabuti ay teoryang humanismo. Narinig mo na ba ito?Humanismo – **human**, isang salitang ingles na mahahango mo rito. Samakatwid tumutukoy ito sa tao.

| |
|---|
| Madali lamang makilala ang teoryang humanismo. Ito ay nagbibigay-puri sa tauhan. Makikilala mo ang mga tauhan batay sa kani-kanilang tiyak na saloobin o damdamin. |

Handa ka na bang sagutin ang susunod na gawain? Isaalang-alang mo ang iyong natutuhan. Masasagot mo iyan. Subukin mo.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Isulat mo ang NT kung ang pahayag ay nagbibigay-puri sa tauhan at H kung hindi.

_____ 1. "Mabuti nama't umabot tayo sa bahaging ito… Mabuti… mabuti!"
_____ 2. "Madalas kong dalawin ang bahay na nagsilbing tagapagpaalala ng ating nakaraan."
_____ 3. "Tila may suliranin… mabuti sana kung makakatulong ako."
_____ 4. "Hindi ko alam na may tao rito… naparito ako upang umiyak din."
_____ 5. "Ano ba naman kayo! Agwador na kayo, gusto n'yo pati ako maging agwador."

**d. Halagang Pangkatauhan**

Kung ikaw ay magkakaroon ng isang malaking problema sa buhay, piliin mo sa ibaba ang mga bagay-bagay na bibigyan mo ng prayoridad. (LAP) Lagyan mo ng tsek ( ✔)

_____ 1. dignidad
_____ 2. pamilya
_____ 3. propesyon
_____ 4. kaibigan
_____ 5. magulang

Tingnan mo nga kung tamang lahat ang iyong mga sagot. Hingiin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Itsek mo ang iyong mga sagot. Huwag kang mag-alala kung may mali ka. Ang mahahalaga ay natuto ka.

4. **Palalimin Mo…**


Anu-ano sa palagay mo ang nabago sa iyo matapos mabasa ang iyong aralin?
Panuto: Lagyan mo ng tsek ( ✔) kung ito ay tumutugon sa mga pagbabagong naganap sa iyo.

______ 1. Naging maganda ang pananaw ko sa buhay.
______ 2. Nagkaroon ako ng interes na magbasa ng kuwento.
______ 3. Napag-isip-isip kong dapat akong maging matatag sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay.
______ 4. Nagkaroon ako ng ideya kung paano pahahalagahan ang maikling kuwento.

Tiyak na marami nang nabago sa iyo.Tama bang lahat ang iyong sagot? Iwasto mo.

**5.Gamitin Mo…**

Panuto: Piliin sa ibaba at isulat ang tamang sagot na hinihingi sa dayagram.




Mga Pagpapahalaga:

1. pagiging martir
2. pagkakaroon ng magandang pagtingin sa buhay
3. pagpapahalaga sa gawain
4. pagiging mapaglihim
5. pagiging matatag sa paglutas ng mga problema

Kung naunawaan mo ang aralin, tiyak na tamang lahat ang iyong mga sagot. Hingiin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Nahirapan ka ba sa mga nauna mong mga gawain? Alam kong ginagawa mong lahat ang iyong makakaya para masagutan ang mga ito.

Ngayon naman ay susulat ka. Madali lamang ito. Tiyak na magugustuhan mo ang paksa. Handa ka na?

## 6. Sulatin Mo…

Panuto: Ayusin mo ang pagkakasunud-sunod ng bilang ng mga pangungusap. Pagkatapos gawin mo itong talata.

Ang Huwaran kong Guro

1. Napakahusay niyang magturo ng *Journalism.*
2. Kaya naman madalas kaming manalo sa mga paligsahan.
3. Tunay na malaki ang naitulong niya upang hubugin ang aking katauhan.
4. Hinding-hindi ko malilimutan ang isa sa mga hinahangaan kong guro.
5. Siya ay walang iba kundi si Gng. Bella Abangan.

May pagkakatulad ba si Mabuti at iyong gurong sinulat mo? Tingnan mo kung tamang lahat ang sagot mo. Itsek mo muli ang iyong mga kasagutan.

## 7. Lagumin Mo…

Panuto: Lagyan mo ng tsek ( ✔ ) sa tabi ng bawat bilang na tumutugon sa mga natutuhan mo sa aralin.

______ 1. kahulugan ng maikling kuwento
______ 2. kaalaman tungkol sa awtor
______ 3. positibong pagtingin sa buhay
______ 4. kaalaman sa teoryang Humanismo
______ 5. kaalaman sa istilo ng may-akada
______ 6. halimbawa ng pananaw Humanismo
______ 7. pagpapakahulugan sa mga pahayag na may pahiwatig
______ 8. mga bahagi ng maikling kuwento
______ 9. pagiging mabuting mag-aaral
______ 10. pagkilala sa mga simbolo
______ 11. kaalaman sa Kuwento ni Mabuti
______ 12. pagiging malihim

Nadalian ka ba sa natapos mong gawain? Alam kong nakaya mong sagutin ang mga ito. Hiramin mo muli sa iyong guro ang mga kasagutan.

Ang susunod na gawain ay susukat muli sa iyong natutuhan sa araling tinalakay. Unawain mo itong mabuti. Kaya mo ito. Simulan mo na.

## 8. Subukin Mo…

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Siya’y tinatawag naming lahat na si Mabuti.
   a. Laging pasimula ito ng lahat ng sasabihin ng guro.
   b. Mabuti ang tunay niyang pangalan.
   c. Mabuti talaga siyang tao.
   d. Palayaw niya ang Mabuti.

2. Isang bata sa aking likuran ang bumulong, “Gaya ng kanyang ama!”
   a. Sinisiraan ng bata si Mabuti.
   b. Alam na sa paaralan ang tungkol kay Mabuti.
   c. Nagbibiro ang bata sa kanyang kaklase.
   d. May alam ang bata tungkol kay Mabuti.

3. Namatay at naiburol ang ama ng bata hindi sa tirahan ni Mabuti at ng anak.
   a. Galit si Mabuti sa ama ng bata.
   b. Hindi pumayag si Mabuti na maiburol ito sa kanyang bahay.
   c. Sa punerarya ito ibinurol.
   d. May iba itong asawa kaya doon ito ibinurol.

4. Sinimulan ang kuwento sa pamamagitan ng anong pamamaraan
   a. usapan
   b. nareysyon
   c. pagbabalik-gunita
   d. paglalarawan

5. Ang pinakarurok ng kawilihan sa akda ay nang
   a. may sumagot na isang bata na may alam tungkol sa asawa ni Mabuti.
   b. magkita si Mabuti at kanyang mag-aaral sa silid-aklatan.
   c. mamatay ang asawa ni Mabuti.
   d. payuhan si Mabuti ng kanyang estudyante.

6. Sa dakong hulihan ng kuwento, inilarawan si Mabuti ng ganito –
   Muli niyang ipinamalas sa amin ang nakatagong kagandahan sa aralin namin sa Panitikan. Mapatutunayang

   a. *Master* ni Mabuti ang pagtuturo ng Panitikan.
   b. Maganda pa rin ang pagtingin sa buhay ni Mabuti kahit na nalisya minsan ito.
   c. Iniiwasan ni Mabuting mapahiya ang bata.
   d. Ikinatuwa niya ang pagkamatay ng ama ng kanyang anak.

7. Lagi ko siyang iniuugnay sa kariktan ng buhay. Saan man sa kagandahan, sa tanawin, sa isang isipan o sa isang tunog kaya at ako'y lumiligaya. Ito'y isang halimbawa ng teoryang

a. Romantisismo
b. Humanismo
c. Eksistensyalismo
d. Klasisismo

8. Batay sa halimbawa sa bilang 7, binigyang-diin sa tauhan ang

a. pagiging perpekto ng tao
b. kaibahan ng tao
c. karakter ng isang indibidwal
d. kaugnayan ng tao sa Diyos

9. Sa pagharap natin sa mga pagsubok, mahalagang lagi tayong makipag-ugnayan sa

a. Diyos
b. nakatatanda
c. pari
d. konsensya

10. Sadyang dumarating minsan ang krisis sa ating buhay, ang mahalaga ay

a. Patuloy pa ring mabuhay.
b. Huwag itong dibdibin.
c. Daanin sa tawa.
d. Harapin nang buong tapang.

Ano ang nakuha mong iskor? Kung 7 pataas ang iyong sagot, pumunta ka na sa susunod na aralin. Kung 6 pababa, may ipagagawa ako sa iyong isang gawain. Kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay naman ito ng ating aralin. Maaari mo na itong simulan.

## 9. Paunlarin Mo…

Panuto: Bumuo ng islogan tungkol sa aralin. Hanguin at ayusin mo ang mga ginulong salita na nasa loob ng kahon.

1.

| |
|---|
| magulang guro sa paaralan ay ang<br>utang kanya karunungan natin sa yaring |

2.

| |
|---|
| kailangan katatagan ay ating<br>problemang sa dumarating sa mga buhay |

# *VI. Aralin 2: Walang Panginoon*

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?


Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Natutukoy ang denotasyon at konotasyon ng pamagat
2. Nakikilala ang mga tauhan batay sa kanilang iniisip, ikinikilos at sinasalita
3. Napipili ang ilang mga bahagi sa akda na may markismong pananaw
4. Napatutunayang ang isang mabuting layunin ay hindi nagbibigay-katwiran sa masamang paraan
5. Nakabubuo ng mga konseptong kaugnay sa akdang binasa

*Mga Gawain sa Pagkatuto*

### 1. Alamin Mo…

Panuto: Piliin sa ibaba ang mga salitang maaaring maiugnay sa larawan.



Mga Salitang Pagpipilian:

| | | |
|---|---|---|
| malupit | masipag | lupa |
| magsasaka | pananim | bulaklak |
| salot | tag-araw | putik |
| ani | kaibigan | tag-ulan |
| patubig | pampaw | bukid |

## 2. Basahin Mo…

Panibagong kuwento na naman ang iyong babasahin. Kakaiba ito sa binasa mo sa Aralin 1. Sa akdang ito, may mahalagang papel na gagampanan ang kalabaw. Paano mangyayari iyon? Iyan ang tuklasin mo sa kuwentong babasahin mo.

Kung paano mo naibigan iyong unang binasa mo, tiyak na maiibigan mo rin ito.

**Walang Panginoon**

**ni Deogracias A. Rosario**

Nang makita ni Marcos sa kanilang lumang orasan na ang mahabang hintuturo ay malapit nang sumapit sa ika-12 samantalang nakapako na sa ika-8 ang maikling daliri, di niya malaman kung saan siya magtutungo. Isinisiksik niya ang kanyang ulo kahit saan, saka ang dalawa niyang hintuturo ay ipapasak sa mga butas ng kanyang tainga.

Ayaw niyang marinig ang animas. Ayaw niyang mapakinggan ang malungkot na palo ng bakal sa malaking kampanang tanso sa kampanaryo ng simbahan sa kanilang bayan. Gayunman, kahit na saan siya magsiksik, kahit na saan siya magtungo, kahit na anong gawin niyang pagpapasak sa kanyang tainga ay lalong nanunuot sa kanyang pandinig ang malungkot na tinig ng batingaw.

“Tapos na ba? Tapos…” ang sunud-sunod niyang tanong na animo’y dinadaya ang sarili kung wala siyang nauulinigang anu mang taginting ng kampana.

“Tapos na. Tapos…” ang sunud-sunod namang tinuran ng kanyang ina na paniwalang-paniwala na di nga niya naririnig ang malungkot na animas.

“Ngunit, Marcos…” ang baling uli ng matandang babae sa anak. “ Bakit ayaw mong marinig ang oras na ukol sa kaluluwa.” Iya’y nagpapagunita sa mga tao na dapat mag-ukol ng dalangin sa ikaluluwalhati ng mga kaluluwang nasa kabilang buhay. Lalo ka na, Marcos, marami kang dapat ipagdasal. Una-una’y ang iyong ama, ikalawa’y ang kapatid mong panganay, ikatlo’y ang kapatid mong bunso, saka… saka si Anita.” Ang huling pangalan ay binigkas ng marahan ng matandang babae.

Si Marcos ay hindi kumibo. Samantalang pinangangaralan siya ng kanyang ina ang mga mata niyang galing sa pagkakapikit kaya't nanlalabo pa't walang ilaw ay dahan-dahang sinisiputan ng ningas, saka manlilisik at mag-aapoy.

Hindi rin siya sumasagot. Hindi rin siya nagsasalita. Subalit sa kanyang sarili, sa kanyang dibdib, sa kanyang kaluluwa ay may nangungusap, may nagsasalita. "Dahil din sa kanila lalung-lalo na kay Anita ayaw kong marinig ang malungkot na tunog ng batingaw ang sinasabi ni Marcos sa sarili. Kinagat niya ang kanyang labi hanggang sa dumugo upang ipahalata sa ina ang pagkukuyom ng kanyang damdamin.

Akala ng ina'y nahulaan niya kung ano ang nasa loob ni Marcos. Sa wari ng matanda ay nabasa niya sa mga mata ng anak ang lihim ng puso nito. Naisip niyang kaya nalulungkot si Marcos ay sapagkat hindi pa natatagalang namatay si Anita, ang magandang anak ni Don Teong, mayamang may-ari ng lupa nilang binubuwisan. Nalalaman ng ina ni Marcos na lahat ng pagsisikap nito sa bukid, lahat ng pagpupunyaging matuto sa pamamagitan ng pagbabasa, lahat ng pag-iimpok na ginawa upang maging isang ulirang anak-pawis ay ukol kay Anita at saka namatay! Nararamdaman din ng ina ni Marcos kung gaano kakirot para sa kanyang anak ang gayong dagok ng kasawian. Dapat ngang maging malungkutin ang kanyang anak. Ito ang kayang ibig libangin. Ito ang nais niyang aliwin kung maari sana ay mabunutan niya ng tinik na subyang sa dibdib ang kanyang anak.

"Lumakad ka na, Marcos, sa kubo nina Bastian. Tila may belasyon sila, o. Baka kailanganin ang mabuting mang-aawit at manunugtog ng gitara," ang sabi ng ina. "Walang pagsalang masasayahan ka doon."

"Si Inang naman," ang naibulalas ni Marcos. Iyan lamang ang kanyang nasabi ng malakas. Sa kanyang sarili naidugtong niya na hindi masusukat ng kanyang ina kung gaano ang pait para sa kanya ng pagkamatay ni Anita, palibhasa'y lingid sa kaalaman ng matanda ang tunay na nangyayari dahil sa pagkamatay nito.

"Kung nalalaman lamang ni Inang ang lahat," ang nasabi niya uli sa kanyang sarili samantalang minamasdan niya ang isang ulilang bituin sa may tapat ng libangan ng kanilang bayan na ipinalalagay iyang kaluluwa ni Anita, "Disi'y di ako itataboy sa kasiyahan."

Pinag-usapan pa lamang ng mag-ina ang malaki nilang kapalaran sapagkat mabuti ang lagay ng tanim nilang palay nang isang utusan sa bahay-pamahalaan ang dumating na taglay ang utos ng hukumang sila"y pinaaalis sa kanilang lupang kinatatayuan at sinasamsam ni Don Teong na ama ni Anita ang lahat ng lupa nilang sinasaka.

"Inang, matalim ba ang itak ko?" ang unang naitanong ng anak sa ina. Matapos matunghayan ang utos ng hukuman.

"Anak ko!" ang palahaw na panangis ng matandang babae. Sabay kapit sa leeg ng anak. "Bakit ka mag-iisip ng gayon, sa tayo na lamang dalawa ang nabubuhay sa daigdig?"

Ang tinig ng matanda ay nakapagpalubag sa kalooban ng binata. Gayunman sa harap ng bagong pithaya ng may-ari ng lupang kanilang binubuwisan ay isa-isang nagbabalik sa alala niya ang malungkot na kasaysayan ng kanilang lupang sinasaka.

Ang sabi talaga sa kanunununuan ng kanyang ama ang naturang lupa walang sino mang sumisingil sa kanila ng buwis at walang sino mang nakikialam sa ano mang maging bunga ng kanilang tanim, maging mais man o tubo, o kaya'y maging ano man sa mga gulay na tanim nila sa bakuran subalit ng bata pa ang kanyang ama ay may nagpasukat ng lupa at sinasabing kanila. Palibhasa'y wala silang maibabayad sa manananggol ang pamahalaan ay nagkulang ng malasakit sa kanilang karalitaan upang tangkilikin ang kanilang katwiran at karapatan. Sa wakas ay napilit silang mamuwisan ng di nila makuhang umalis doon.

Noong bata pa si Marcos ang bayad nila ay isang salapi lamang isang taon sa bawat ektarya ng lupang kanilang sinasaka. Subalit habang nagtatagal ay unti-unti na silang nababaon sa pagkakautang sa may-lupa dahil sa mga kasunduang ipinapasok sa pana-panahon, gaya ng takipan at talindawa.

Kaya namatay ang ama ni Marcos ay dahil din sa malaking sama ng loob kay Don Teong. Ang kapatid niya'y namatay dahil sa paglilingkod sa bahay nito, at higit sa lahat nalaman niyang kaya namatay si Anita sapagkat natutop ng amang nakipagtagpong minsan sa kanya sa loob ng halamanan, isang gabing maliwanag ang buwan. Saka ngayo'y paalisin naman sila sa kanilang bahay at lupang binubuwisan?

Si Anita'y lihim na naging kasintahan ni Marcos mahigit nang isang taon noon. Sapul ng dumating si Anita sa kanilang bayan buhat sa pag-aaral sa isang kolehiyo ng mga madre sa Maynila. Si Marcos ay nagsimpan na ng malaking pag-ibig sa kanya. Alam ni Marcos ang kanyang kalagayan na halos lumaki sa ibabaw ng kalabaw at sa pagtikin sa kanilang lamo sa ilog.

Si Marcos ay natapos lamang sa katesismo sa eskwelahan sa silong ng kumbento sa kanilang bayan at natutong sumulat sa pisara ng malaking numero. Ngunit gayunman, nagsikap siyang idilat ang kanyang mga mata sa liwanag ng kabihasnan at pagkakaunlad. Katutubo kay Marcos ang hilig sa pagkatuto sa pag-anib sa mga samahang pambayan ay natuklasan niyang walang mabuting paaralan kundi ang pahayagan. Walang aklat, walang pahayagan at lingguhan sa sariling wika na di binabasa ni Marcos. kahit manghiram na lamang kung wala na siyang ibili. Nagbabasa din siya ng mga nobela at ibang akdang katutuhan niya sa wikang tagalog o kaya'y salin sa wikang ito.

Lalo na ng magsimpan siya ng pag-ibig kay Anita, Wala siyang inaalagata sa kanyang buhay kundi ang balang-araw ay maging karapat-dapat sa kamay ng anak ni Don Teong na may-ari ng lupa nilang sinasaka. Isa pa'y bukod sa naniniwala siya na sadyang magkakapantay ay tinatanggap din niya ang palasak na kawikaang "ang katapat ng langit ay pusalian" dahil diyan kaya kahit bahagya ay di siya nag-aatubili ng pagsisimpan ng pag-ibig kay Anita. At naibig naman siya ng anak ni Don Teong. Bakit hindi siya maiibig? Minsan si Anita'y namangka sa kanilang ilog, gumiwang ang bangka at nahulog sa tubig. Si Marcos noon ay nasa damo at lihim niyang sinusundan ang bakas sa tubig ni Anita. Nang makita niya ang malaking sakuna ay lumundag siya sa ilog at sa pamamagitan ng langoy na hampas tikin ay inabot niya si Anita na kumakamot na sa ilalim ng ilog. Matapos niyang kalawitin nang kaliwa niyang bisig sa may baba ang dalaga ay bigla niyang isinikdaw ang dalawa niyang paa sa ilalim kaya't pumaibabaw sila, at sa tulong ng pagkampay ng kanyang kamay at pagtikad ng dalawa niyang paa ay nakasapit sila sa pampang.

“Marcos, matagal na rin naman kitang iniibig,” ang tapat ni Anita sa binata, makaraan ang ilang buwan buhat ng siya’y mailigtas.

Tatlumpung araw ang taning sa mag-ina upang lisanin ang lupang gayong ang sabi ay ari ng kanilang mga ninuno ay binubuwisan na nila at sinasamsam pa ngayon at saka silang mag-ina ay itataboy. Sino ang hindi magdadalang-poot sa gayong kabuktutan?

Dahil sa kanyang ina natutong magtiim si Marcos ng kanyang mga bagang. Kinagat niya ang kanyang mga labi upang huwag mabulalas ang kanyang galit. Kinuyom niya ang kanyang mga kamay hanggang matimo sa palad niya ang kanyang mga kuko.

Isang takipsilim ng marinig niya sa kampanaryo ng kanilang simbahan ang malulngkot na agunyas. Una muna ang malaking kampana saka sumunod ang maliit. Bang! Teng! Bang! Teng! Babae ang nalagutan ng hininga. Maliit naman ang kanilang bayan upang malihim pa kung sino ang binawian ng buhay wala siyang nalalamang may-sakit kundi si Anita dahil sa pagkakatutop sa kanila noong isang gabi. Ang dalaga sy sinaktang mabuti na ayon sa sabi ng nagbalita kay Marcos ay mata lamang ang walang latay. Buhat noon ay nagkasakit si Anita. Araw-araw ay tumatanggap si Marcos ng balita at nang tangkain niyang dumalaw na minsan ay hinarang siya ni Don Teong na may hawak na rebolber. Susuong din sana si Marcos, subalit nagdalawang-loob siya. Maaring maging dahilan iyon ng bigla pang pagkamatay ng kanyang iniibig bukod sa magiging subyang sa kanyang ina kung siya ay mawawala.

Ang muling dagok sa kanya ni Don Teong ay isinama lamang niya sa talaan ng pagmamalupit sa kanya ng mayamang may-ari ng lupa nilang binubuwisan. Pang-aagaw ng lupa sa kanila. Pagpapautang ng patung-patong. Pagkamatay ng kanyang ama. Pagkamatay ng kanyang kapatid. At saka noo’y pagtatangka sa kanyang buhay. Pinakahuli nga ang pagkamatay ng tuluyan ni Anita, na ayon sa balita niya’y nalagutan ng hininga na siya ang tinatawag at saka nitong huli ay pagpapaalis sa kanilang lupang kinagisnan at pinagyaman sa tulo ng pawis nilang mag-anak.

Ngunit si Marcos ay isang manggagawang hubog sa palihan ng bagong panahon, ay lumaki ang puso sa pagtitiis. Naging maluwag na ang kanyang dibdib sa pagtanggap ng pang-aapi ng may-lupa. Hanggang noong bago mamatay si Anita, akala niya’y maaari pa siyang makalunok ng bagong pag-upasala ng itinuturing niyang panginoon datapwat ng tanggapin niya ang utos ng hukuman na pinaalis siya doon talagang nagdilim ang kanyang isip. Noon pa’y naisip na niyang gawing batas ang kanyang kamay, yamang hindi naniya matatamo ang katarungan sa hukuman ng mga tao.

“Huminahon ka anak ko” ang sabi ng kanyang ina. “Hindi natutulog ang bathala sa mga maliliit. Magtiis tayo.”

Hindi na niya itinuloy ang paghahanap sa kanyang itak na matalas. Pagkakain niya ng agahan, nilibang niya ang kanyang ina saka lumabas sa bukid. Gaya rin ng dati sinakyan niya ang kanyang kalabaw na lalong mahal niya sa lahat sa limang alaga niya. Lumabas siya sa bukid at nilampasan niya ng tanaw ang karagatan ng namumulang ginto. Pagdaramdam at panghihinayang ang ngumangatngat sa kanyang puso. Gaanong pawis ang nawala sa kanya upang masaka ang naturang bukid? Gaanong pagod ang kanyang pinagmulan upang ang palay nila’y magbungang mabuti? Saka ngayo’y pakikinabangan at matutungo lamang sa ibang kamay?

Napapalatak si Marcos sa ibabaw ng kanyang kalabaw. Ibig man niyang pagdimlan ng isip kung nagugunita ang utos ng hukuman, subalit ang alala ng kanyang ina'y walang iniwan sa bahag-haring sumusugpo sa nagbabalang unos. Dadalawa na lamang sila sa daigdig upang huwag niyang pabayaan ang kanyang ina; ipinangako niyang hahandugan ng kaligayahan ang nalalabing buhay, bago nalagutan ng hininga ang kanyang ama.

Dahil nga sa kanyang ina, kaya naisip niya ang kabutihan kung sila'y nagsasarili. "Tutungo tayo sa hilaga at kukuha ng homestead. Kakasundo tayo ng mga bagong magsasaka; pares ni Don Teong, di kailangang magkaroon din ako ng gayak na paris niya".

Kabalintunaan man ang sinasabi ng anak ay di nag-usisa ang ina. Wala siyang nalalaman kundi tuwing takipsilim, kung nakaligpit na ang mga tao sa nayon, ang buong kagayakan ay sinusuot ng kanyang anak saka lumalabas sa bukid. May dalawang linggong gayon nang gayon ang ginagawa ni Marcos, hanggang isang araw ay tawagan siya ng pansin ng matanda.

"Marcos", sabi ng matanda. "Dalawang linggo na lamang ang natitira sa ating taning ay di mo ginagawa ang pakikipagtuos kay Don Teong. Kung may magiging sukli man lamang tayo sa ani ngayon?"

"Huwag po kayong mabahala, Inang", sabi ng mabait na anak, "Nalalaglag po ang dahon sa kanyang kapanahunan".

Talinghaga na naman ang sinabi ni Marcos. Gayunman ay may nagunita siyang isang bagay na ibig niyang malaman sa anak.

"Bakit hindi mo iniuwi ang kalabaw sa bakuran mo?" tinutukoy ang kalabaw na mahal na mahal sa lahat ni Marcos. Maaaring magpakahinahon si Marcos, subalit ang huling kapasyahan ni Don Teong ang numakaw ng lahat ng kanyang pagtitimpi. Ayaw niyang gumamit ng dahas, subalit hinihingi ng pagkakataon.

Nagunita niya ang sinabi ni Rizal na "walang mang-aalipin kung walang paaalipin". Napahilig siya sa harap ng gayong masaklap na katotohanan. Patung-patong na ang ginagawang pamamaslang sa kanya ni Don Teong na takalang dapat nang kalusin. Nagunita rin ni Marcos ang marami pang ibang kasama katulad din niya, nasa kamay ng mayamang si Don Teong ay walang iniwan sa mga leeg ng manok na unti-unting sinasakal hanggang makitil ang hininga sa hangad na mahamig na lahat ang kanilang kayamanang gayong minana sa kanilang ninuno ay iba na ngayon ang may-ari at nagpapabuwis pa.

"Kailangang maputol ang kalupitang ito!" na tila pagsumpa sa harap ng katalagahan na ginawa ni Marcos."

"Bakit ka bumili ng pulinas, gora, suwiter at latigo, anak ko?" ang tanong ng matanda kay Marcos, isang araw na dumating siyang pagod na pagod sa naturang dala-dalahan.

"Inihahanda ko iyan sa pagiging panginoon natin, paris ni Don Teong," ang nakatawang sagot ng anak. Kung tayo po'y makaalis na rito, di tayo'y magiging malaya", ang tila wala sa loob na tugon ng anak.

Ang totoo, ang naturang kalabaw ni Marcos ay nakapugal sa hangganan ng lupang sarili ni Don Teong. Kung takipsilim ay isinusuot na lahat ni Marcos ang pulinas, ang gora, at suwiter, saka dala ang latigong katulad ng pamalo ni Don Teong. Pagdating niya sa pook na kinapupugulan ay saka aasbaran ng palo ang kalabaw hanggang sa ito'y umungol na ang alingawangaw ay abot hanggang sa kalagitnaan ng bayan. Kung di niya nakitang halos apoy ang lumalabas sa dalawang mata ng hayop ay di pa niya ito titigilan. Sa gayon ay matulin siyang nagtatago upang umuwi na siya sa bayan. Kung dumarating siya'y daratnan niya ang kanyang inang matuwid ang pagkakaluhod sa harap ng isang maitim na Santo Kristo sa kanilang silid na naiilawan ng isang malaking kandila.

"Salamat, anak ko, at dumating ka", ang sasabihin na lamang ng matanda. "Akala ko'y napahamak ka na."

Si Don Teong ay may ugaling maglibot tuwing hapon sa paligid-ligid ng kanyang lupa. Ang ipinanganib ng ina ni Marcos ay baka magkasalubong si Marcos at ang kanilang panginoon ay hindi makapagpigil ang sinuman. Nalalaman din ng matandang babae na laging may dalang rebolber sa baywang ang mayamang asendero buhat ng magkaroon ng alitan dahil sa lupa, kaya lagi niyang inaalala ang pag-alis-alis ni Marcos.

Subalit isang hapon samantalang payapang inihahanda ng mag-ina ang kanilang pag-alis, walang iniwan sa putok ng bulkan ang balitang kumalat sa bayan na si Don Teong ay namatay sa pagkakasuwag ng kalabaw. Sinabi ng mga nakakita na pagkakita pa lamang ng kalabaw kay Don Teong ay tila may sinisimpang galit sapagkat bigla lamang sinibad ang mayamang matanda at nasapol ang kalamnan ng sikmura ng matulis na sungay ng hayop. Pagkasikwat sa katawan ng asendero ay tumilapon pa sa itaas at paglagpak at sinalo naman sa kabilang sungay. Ang katawan ni Don Teong ay halos lasug-lasog nang iuwi sa bayan at wasak ang suwiter sa katawan at saka pulinas. Kumilos agad ang maykapangyarihan upang gumawa ng kailangang pagsisiyasat subalit ang lahat ng matuwid ay nawalan ng halaga sa hindi kumikilos na ayos ng kalabaw na animo'y wala sa loob ang ginawa niyang pagkakasala.

Nang malamang kay Marcos ang kalabaw, bawat isa'y nagkatinginan hindi nila malaman kung papaanong ang poot ni Marcos kay Don Teong ay nagtungo sa alaga niyang hayop.

Si Marcos ay nakatingin din sa orasan ng gabing yaon. Tatlong minuto na lamang ang kulang sa ika-8 ng gabi. Hindi siya nababahala.

Tumugtog ang animas. Hindi na gaya ng dati ayaw niyang marinig. Sa halip na idalangin ang kaluluwa ng mga namatay, ang naisip niya'y ang matapang niyang kalabaw.

"Mapalad na hayop na walang panginoon", ang kanyang naibulong.

Nagkamali ba ako ng sabihin kong maiibigan mo ito? Nagalit ka ba sa kalabaw? Ano ang naramdaman mo sa paraang naisip ni Marcos? Nahahabag ka ba kay Don Teong?

Inunawa mo bang mabuti ang kuwento? Kakailanganin mo ito sa mga susunod na gawain.


May dalawang salitang dapat mong malaman sapagkat makakaharap mo ito sa susunod na gawain. Ito ay mga salitang denotasyon at konotasyon.

| |
|---|
| Ang denotasyon ay tumutukoy sa kahulugang karaniwang dala ng salita. Upang malinawan ka, narito ang isang tiyak na halimbawa – Butas ang bulsa niya. Kung ibibigay ang denotasyong kahulugan nito, ngangahulugang may sira ang bulsa. Ang konotasyong kahulugan naman ay walang pera. Samakatwid ang konotasyon ay ang malalim na pagpapakahulugan o talinghagang dala ng salita. |

## 3. Linangin Mo…

A. Pagsusuring Panlinggwistika

Panuto: Piliin at isulat sa tamang deskripsyon – denotasyon o konotasyon ang mga salitang nakatala sa ibaba. Sundin ang bilang sa kahon.




Mga Salita:
walang mang-aalipin
di naniniwala sa Panginoon
walang relihiyon
walang amo
walang kinikilalang Diyos
malaya
walang pananampalataya

Nahirapan ka ba? Huwag kang mag-alala. Kung may panahon ka pa, balikan mo muli ang gawaing ito upang rebyuhin ang iyong mga kasagutan.

Alam mo bang hindi lamang sa panlabas na kaanyuan makikilala ang isang tauhan? Hindi lamang sapat na sabihing itim ang mata at kulot ang buhok o kaya'y magkatulad sa pagsasalita ang mga tauhan. Upang maging kawili-wili ang akda, kailangang ilantad ng awtor sa mambabasa ang kalikasan ng tauhan sa pamamagitan ng sinasabi, ikinikilos at iniisip. Ngunit lalong magiging maganda kung ang tauhan na ang magpapakilala ng kanyang karakter.

Isang mahalagang tauhan ang kikilalanin mo sa kuwentong "Walang Panginoon".

Bigyang-pansin ang mga bahaging maglalantad ng kanyang katauhan. Hanapin mo ang bahaging maglalarawan ng kanyang iniisip, ikinikilos at sinasalita. Tandaan mo ang mga ito . Kailangan ito sa susunod na gawain.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Isulat mo ang bilang sa tamang hanay ng mga paglalarawan kay Marcos na nakasulat sa ibaba.

| Iniisip | Ikinikilos | Sinasalita |
|---|---|---|
| | | |

Mga Paglalarawan kay Marcos:

1. Kahit na anong gawin niyang pagpasak sa kanyang tainga, lalong nanunuot sa kanyang pandinig ang malungkot na tinig ng batingaw.

2. Noon pa'y naisip na niyang gawing batas ang kanyang kamay; yamang hindi na niya matatamo ang katarungan sa hukuman ng tao.

3. "Kailangang maputol ang kalupitang ito!"

4. Kung takipsilim ay sinusuot na ni Marcos ang pulinas, gora, suwiter at saka dala ang latigong katulad ng pamalo ni Don Teong.

5. "Inang, matalim ba ang itak ko?"

6. Walang aklat, walang pahayagan, walang lingguhan sa sariling wika na hindi binasa ni Marcos.

7. Sa kanyang sarili'y hindi masusukat ng kanyang ina kung gaano kapait para sa kanya ang pagkamatay ni Anita.

Naisagawa mo ba ang gawain? Tiyak sapagkat kilalang-kilala mo na si Marcos, hindi ba?

Sa unang aralin, nalaman mo kung paano makilala ang teoryang humanismo. Hindi ba't nakatulong ito sa iyo upang lubusan mong mapahalagahan ang iyong akdang binasa?

Alamin mo naman ang tungkol sa teoryang markismo. Kumplikado ba? Simple lamang ang aking gagawing pagpapaliwanag upang madali mong maunawaan.

Naiiba ang Teoryang Markismo. Ipinakikita nito ang pakikipagtunggali ng mahina sa malakas, ng mahirap sa mayaman. Ito ang dahilan kung bakit itinuturing ito bilang isang kumpleto at ganap na paraan sa pag-iimbestiga sa karanasan ng tao. Napansin mo bang nakasandig din ito sa makatotohanang pananaw?

Handa ka na ba sa susunod na gawain? Maaari ka nang magsimula?

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Hanapin sa kuwento at isulat ang mga bahaging nagpapakita ng pakikipagtunggali ng mahirap sa mayaman.

| Mga bahagi ng kuwentong nagpapakita ng pakikipagtunggali ng mahirap sa mayaman. |
|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

**d. Halagang Pangkatauhan**

Anu-ano ang maaring mangyari kung ilalagay mo ang batas sa iyong mga kamay? (Think About Consequences) Lagyan mo ng tsek ( ✔ ).

______ 1. Makapaghihiganti ka.

______ 2. Mabibilanggo ka.

______ 3. Maaari kang mamatay.

______ 4. Mapaglulubag ang iyong kalooban.

______ 5. Magkakasala ka sa Diyos.

Kung ang sagot mo'y di nalalayo sa diwa ng mga kasagutan sa Susi sa Pagwawasto ito ay bibigyang-konsiderasyon. Ang mahalaga ay naunawaan mo ang akda at naisagawa mo ang mga gawain.

## 4. Palalimin Mo…

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✔ ) kung ang pahayag ay naghatid ng bisang pangkaisipan star, (☆) kung bisang pangkaasalan, at puso (♥) kung pandamdamin.

______ 1. Pagdinig sa karaingan ng mga aping magsasaka.

______ 2. Pagkakaroon ng kabatiran sa pagpapahalaga sa akda.

______ 3. Pantay-pantay na pagtingin sa pagitan ng mayaman at mahirap.

______ 4. Pagpapahalaga sa mga tauhan sa isang akda.

______ 5. Pagsasaalang-alang sa damdamin ng mga biktima ng kaapihan.

Iwasto mo ang iyong mga kasagutan. Hindi na baleng may mali ka. Ang mahalaga ay matuto ka, hindi ba?

## 5. Gamitin Mo…

Panuto: Isulat ang M kung makatwiran at DM kung di makatwiran ang pahayag.

______ 1. Hindi dapat ilagay sa kamay ang batas makapaghiganti lamang.

______ 2. Ang sama ay di dapat gantihan ng kapwa sama.
______ 3. Makaliligtas tayo sa mata ng tao ngunit hindi sa mata ng Diyos.

______ 4. Ang mabuting layunin ay nagbibigay-katwiran sa masamang paraan.

______ 5. Ang paggamit ng kapangyarihan ay nararapat lamang kung ang sarili mong pag-aari ay mawawala.

Kayang-kaya ba ang natapos na gawain? Mahalaga talagang inuunawa mo ang aralin upang masagutan ang mga gawain. Tingnan mo kung ilan ang nakuha mong tamang sagot. Iwasto mo muli ang mga ito.

Masusubukan naman ngayon ang kakayahan mo sa pagsulat. Kaya mo ito. Subukin mo.

## 6. Sulatin Mo…

Panuto: Buuin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na salita na nasa loob ng mga konsepto.

1. Anumang ganda ng iyong balakin balewala kung masama ang (hilig)

   (gawa)

   (hangarin).

2. Tao ay pantay-pantay nang isilang kaya di dapat abusuhin yaring (nilikha)

   (karapatan)

   (karunungan).

3. Ang gawang masama sa mata ng Diyos ay isang (sala)

   (luha)

   (panata).

4. Ang kasamaang gawain sa kapwa babalik din kung saan (nagmula)

   (itinakda)

   (nilikha).

5. Paghamak sa kapwa'y may kaparusahan hindi makaliligtas sa (batas)

   (Poong Maykapal)

   (mamamayan).

Nasiyahan ka ba sa ating gawain? Maaaring magsanay ka pa sa pagbuo ng mga konsepto. Ngayon, iwasto mo muli ang iyong mga kasagutan.

## 7. Lagumin Mo…

Panuto: Isulat sa patlang ang sagot batay sa hinihinging impormasyon.

______ 1. Isang malalim na pagpapakahulugan ng salita.
______ 2. Kahulugang karaniwang dala ng salita.
______ 3. Mga
______ 4. paraan sa
______ 5. paglalarawang-tauhan
______ 6. Paggamit ng salapi upang mapagtagumpayan ang isang kaso, anong teoryang pampanitikan ito?

Hingiin mo muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro. Iwasto mo ang iyong mga sagot.

## 8. Subukin Mo…

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang mga mata ni Marcos ay nanlilisik at nag-aapoy.

    a. galit na galit
    b. sinasapian
    c. nilalagnat
    d. tumaas ang presyon ng dugo

2. Talagang nagdilim ang isip ni Marcos nang iutos ng hukuman na paaalisin sila.
    a. Nabaliw
    b. lumabo ang paningin
    c. nawala sa katinuan
    d. nawalan ng malay

3. Subalit ang alaala ng kanyang ina’y walang iniwan sa bahagharing sumusugpo sa nagbababalang unos.

    a. magkakaroon ng unos
    b. may mangyayaring paghihiganti
    c. mapanghikayat ang tinig ng ina
    d. di naging maganda ang palad nila

4. Patung-patong na ang ginagawang pamamaslang sa kanya ni Don Teong na takalang dapat nang kalusin. Iniisip ni Marcos na

    a. isumbong sa batas si Don Teong
    b. sugurin si Don Teong
    c. pagsabihan si Don Teong
    d. paghigantihan si Don Teong

5. "Inay, matalim ba ang itak ko?" ang damdaming namamayani ay

    a. pag-aalala
    b. pagkagalit
    c. pagkamangha
    d. pagkabigla

6. Hinarang siya ni Don Teong na may hawak ng rebolber. Sa ikinilos na ito ni Don Teong masasabing

    a. labis siyang malupit sa kapwa
    b. pabigla-bigla siya
    c. ayaw niya si Marcos
    d. madaling mag-init ang ulo

7-8. Pumili ng dalawang sitwasyong may markismong pananaw

    a. Ang dalaga ay sinaktang mabuti na ayon sa sabi ng nagbalita kay Marcos ay mata lamang ang walang latay.
    b. Pang-aagaw ng lupa sa kanila. Pagpapautang ng patung-patong.
    c. "Marcos, matagal na rin naman kitang iniibig," ang tapat ni Anita.
    d. "Huminahon ka, anak ko," ang sabi ng kanyang ina. "Hindi natutulog ang Diyos."

9-10. Dalawang dahilang magpapaliwanag sa kasabihang, "Ang mabuting layunin ay hindi nagbibigay-katwiran sa masamang paraan."

    a. Kailangan ito ng matagal na pagpaplano.
    b. Ito'y kasalanang malaki sa mata ng Diyos.
    c. Madalas na di ito nagtatagumpay.
    d. Maaari kang mapahamak – bilangguan o libingan.

Itsek mong muli ang iyong mga sagot. Ano ang nakuha mong iskor? Kung ito ay 7 pataas gawin mo ang gawain sa "Gaano Ka na Kahusay?" Kung 6 pababa ang nakuhang tamang sagot, gawin mo ang gawain sa "Paunlarin Mo".

### 9. Paunlarin Mo…

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang karugtong ng pangungusap upang makabuo ng mga kaisipang hinango sa akda. Isulat mo sa papel.

1. Walang mang-alipin ____________________.
2. Ang gawang masama ____________________.
3. Kapangyarihang sa iyo ay ibinigay ____________________.
4. Ang panlalamang sa kapwa ____________________.

Pagpipilian:

1. huwag gamitin sa kasamaan
2. kailan may di magtatagumpay
3. kung walang paalipin
4. hindi magandang gawa
5. sa lupaing maningning
6. di dapat gawing adhika

## VII. Gaano ka kahusay?

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat mo ang titik ng tamang sagot.

1. Dalawa sa mga kamag-aral namin ang nakababatid na siya'y hindi balo. Nangangahulugan itong
   a. diborsyada
   b. malayo sa asawa
   c. hiwalay sa asawa
   d. patay na ang asawa

2. Ang ungol ng kalabaw ay alingawngaw na umaabot hanggang kalagitnaan ng bayan.
   a. Labis na nasaktan sa palo kayat umungol nang pagkalakas-lakas.
   b. Lubhang nagalit sa ginawa sa kanya
   c. Labis na nalungkot ang kalabaw sa nangyari kay Marcos
   d. Nagalit ang kalabaw ng makita si Don Teong

3. Ayaw niyang marinig ang animas ang malungkot na palo ng bakal sa malaking kampanang tanso ng simbahan.

    a. ika-8 ng gabi
    b. orasyon
    c. tunog ng batingaw
    d. oras na ukol sa kaluluwa

4. Ang pagpapakilala sa tauhan ng isang kuwento ay matatagpuan sa

    a. simula ng kuwento
    b. kakalasan ng kuwento
    c. kalagitnaan ng kuwento
    d. dayalogo ng mga tauhan

5. Naiburol ang ama ng bata hindi sa tirahan ni Mabuti at naunawaan ko ang lahat. Ang suliraning bumabagabag ay nabigyang-kalutasan. Ito ay matatagpuan sa

    a. kasukdulan
    b. suliranin
    c. wakas
    d. tunggalian

6. Nangyari kay Don Teong sa hulihan ng kuwento

    a. namatay
    b. isinugod sa ospital
    c. dinala ng kalabaw
    d. naghingalo

7. "Mabuti… gaya ng sasabihin ko. Iyon lamang nakararanas ng mga lihim ng kalungkutan ang maaaring makakilala ng mga lihim na kaligayahan." Nagpapakita ito ng

    a. kahusayan ng guro
    b. pagiging matalinhaga ng guro
    c. pagiging mapagmalaki ng guro
    d. paniniwala/kaisipan ng guro

8. Isang sitwasyong nagpapakita ng pakikipagtunggali ng mahina sa malakas, ng mayaman sa mahirap

    a. Taun-taon ay may ipinapasok na kasunduan gaya ng takipan at talindawan.
    b. Sinibad ng kalabaw ang mayamang matanda at nasapol sa kalamnan.
    c. Pinalo ni Marcos ang kalabaw hanggang ito'y umungol ng umungol.
    d. Wala silang maibayad sa manananggol kaya't di dininig ng pamahalaan ang kanilang katwiran at karapatan

9. Kung nagkamali man tayo sa ating buhay, mahalagang matuto tayo nito at samahan pa ng

    a. pag-iingat sa sarili
    b. pag-iwas sa mga tao
    c. pagiging matapang
    d. pagdarasal at pananalig

10. Kahit na gaano kaganda o kahusay ang ating layunin ay mababalewala kung

    a. masama ang paraang gagamitin
    b. di magiging maganda ang bunga
    c. di makabubuti sa sarili
    d. di muna sinubok

Susi sa Pagwawasto
(Kuwento ni Mabuti)

IV. ANO BA ANG ALAM MO?

1. b
2. b
3. c
4. d
5. c
6. b
7. a
8. a
9. a
10. a

B. MGA GAWAIN SA PAGKATUTO

1. Alamin Mo …
   Ilaw-liwanag,gabay,patnubay
   Rosaryo-sakripisyo,pagpapakasakit, paghihirap
   Puso-pagibig,pagmamahal,pagkalinga

3. Linangin Mo…

a. Pagsusuring Panlinggwistika
1. naligaw
2. namutla
3. pag-aalinlangan
4. pamawi
5. humadlang

b. Pagsusuring Pangnilalaman
1. c
2. d
3. a
4. e
5. b

c. Pagsusuring Pampanitikan
1. NT
2. H
3. NT
4. NT
5. H

d. Lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral ay maaring tanggapin batay sa kanyang binibigyang priyoridad.

4. Palalimin Mo…
1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓

5. Gamitin Mo…
1. pagkakaroon ng magandang pagtingin sa buhay
2. pagpapahalaga sa gawain
3. pagiging matatag sa paglutas ng mga problema

6. Sulatin Mo…

Ang Huwaran kong Guro

Hinding-hindi ko malilimutang isa sa mga hinahangaan kong guro. Siya ay walang iba kundi si Gng. Bella Abangan. Napakahusay niyang magturo ng *Journalism*. Kaya naman madalas kaming manalo sa mga paligsahan. Tunay na malaki ang naitulong niya upang hubugin ang aking katauhan.

7. Lagumin Mo…

_✓_1.
____2.
_✓_3.
_✓_4.
___5.
_✓_6.
_✓_7.
_✓_8.
_✓_9.
___10.
_✓_11.

8. Subukin Mo…
1. a
2. d
3. d
4. c
5. a
6. b
7. b
8. c
9. a
10. d

9. Paunlarin Mo…
1. Ang guro ay magulang sa paaralan utang natin sa kanya yaring karunungan.
2. Katatagan ay ating kailangan sa mga problemang dumarating sa buhay.

Susi sa Pagwawasto

(Walang Panginoon)

B. MGA GAWAIN SA PAGKATUTO

1. Alamin Mo…
   1. magsasaka
   2. ani
   3. tag-ulan
   4. pananim
   5. tag-araw
   6. kaibigan
   7. lupa
   8. bukid

3. Linangin Mo…
   A. Pagsusuring Panlinggwistika
      1. di naniniwala sa Panginoon
      2. walang relihiyon
      3. walang kinikilalang Diyos
      4. walang mang-aalipin
      5. walang amo
      6. malaya

   B. Pagsusuring Pangnilalaman
      Iniisip –2, 7
      Ikinikilos - 1, 4, 6
      Sinasalita – 3, 5

   C. Pagsusuring Pampanitikan
      1. Pang-aagaw ng lupa
      2. Pagpapautang ng patung-patong
      3. Pagkamatay ng ama
      4. Pagkamatay ng kapatid
      5. Pagkamatay ni Anita
      (maaring di sunud-sunod)

   D. Halagang Pangkatauhan
      1.
      2. ✔
      3. ✔
      4.
      5. ✔

4. Palalimin Mo…
   1. ♥
   2. ✔
   3. ★
   4. ✔
   5. ♥

5. Gamitin Mo…
   1. M
   2. M
   3. M
   4. DM
   5. DM

6. Sulatin Mo…
   1. hangarin
   2. karapatan
   3. sala
   4. nagmula
   5. Poong Maykapal

7. Lagumin Mo…
   1. konotasyon
   2. denotasyon
   3. Iniisip
   4. Ikinikilos
   5. Sinasalita

8. Subukin Mo…
   1. a
   2. c
   3. b
   4. d
   5. b
   6. c
   7. } a, b
   8.
   9. } b, d
   10.

9. Paunlarin Mo…
   1. kung walang paalipin
   2. di dapat gawing adhika
   3. huwag gamitin sa kasamaan

4. hindi magandang gawa

VII. GAANO KA NA KAHUSAY?

1. c
2. a
3. d
4. a
5. c
6. a
7. d
8. a
9. d
10. a